

Modelong Banghay Aralin sa GMRC

Kuarter 2

Aralin

4

Modelong Banghay-Aralin sa GMRC 5
Kuarter 2: Aralin 4 (para sa linggo 5)
TP 2023-2024

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para paunang papapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2023-2024. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karapatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

Mga Tagabuo

Manunulat:

- Ace Adaya Sarmiento (Manuel L. Quezon Elementary School – SDO Manila)

Tagasuri:

- Elanor O. Bayten (Pamantasang Normal ng Pilipinas)

Mga Tagapamahala

Pamantasang Normal ng Pilipinsa
Sentro ng Pananaliksik para sa
Kalidad Pangguro
SIMMER National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph

GMRC/BAITANG 5/IKALAWANG KUWARTER (Aralin 4 – para sa Ikalimang linggo)

I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN	
A. Mga Pamantayang Pangnilalaman	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga tungkulin ng pamilya sa paglinang ng pananampalataya.
B. Mga Pamantayan sa Pagganap	Naisasagawa ng mag-aaral ang mga sariling paraan ng pagtupad sa tungkulin ng pamilya sa paglinang ng pananampalataya upang malinang ito.
C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto	Nakapagsasanay sa pananampalataya sa pamamagitan ng pagkikilahok sa mga gawain panrelihiyon o paniniwalang kinabibilangan kasama ang pamilya a. Nakakikilala ng mga tungkulin ng pamilya sa paglinang ng pananampalataya b. Naipaliliwanag na ang mga tungkulin ng pamilya sa paglinang ng pananampalataya ay dapat gampanan nang sama-sama upang mapatatag ang ugnayan sa Diyos, kumiling ang mga kasapi sa kabutihan, at mapanatag ang kanilang kalooban sa pagharap sa mga hamon ng buhay c. Nailalapat ang mga sariling paraan ng pagtupad sa tungkulin ng pamilya sa paglinang ng pananampalataya
C. Nilalaman	Ang tungkuling ginagampanan ayon sa pananampalataya ng mga kasama sa pamilya ay nagpapatatag sa ugnayan sa Diyos at sa paggawa ng kabutihan ng pamilya.
D. Integrasyon	SEL – Panlipunang Kamalayan; Araling-Panlipunan (Relihiyon at Pananampalataya)

II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO

Jia, L. (2021). Religions in Philippines : History, Culture and Faith. *International Journal of Research Publication and Reviews*, 2(7), ISSN 2582-7421. <https://www.ijrpr.com/uploads/V2ISSUE7/IJRPR607.pdf>

Morillo, H. M., Capuno, J. J., & Mendoza, A. M. (2013, January 1). *Views and Values on Family among Filipinos: An Empirical Exploration*. Asian Journal of Social Science. <https://doi.org/10.1163/15685314-12341278>

OpenAI. (2024). ChatGPT (2024 version) [Large language model]. <https://chat.openai.com/chat>

Santillan. (2020, September). *Filipino resiliency and neoliberal Christianity*. ResearchGate. Retrieved April 25, 2024, from https://www.researchgate.net/publication/348447622_Filipino_resiliency_and_neoliberal_Christianity

[Daily Bread Stories]. (2023, April 19). *KUWENTO NG PANANAMPALATAYA | Tagalog Motivational Story | Gintong Aral* [Video]. Retrieved March 23, 2024, from Youtube. <https://www.youtube.com/watch?v=45veW4Mnqhg>

III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO

MGA TALA SA GURO

A. Pagkuha ng Dating Kaalaman

Unang araw

Maikling Balik-aral

Gabayan ang mga mag-aaral habang ginagawa ang mga sumusunod na gawain.

Gawain

A. Panuto: Ayusin ang mga letra upang mabuo ang hinahanap na salita. Gamiting gabay sa pagsagot ang mga pagsasalarawang ibinibigay.

(E A T) _____ 1. Siya o sila ay ang mga kapatid mong babae na nakakatanda sa iyo.

(Y A K U) _____ 2. Siya o sila ay ang mga kapatid mong lalaki na nakakatanda sa iyo.

(Y A A N N) _____ 3. Siya ang itinuturing na ilaw ng tahanan.

Ang mga halimbawang gawaing ito ay makakatulong upang higit na mapalalim ang pagkaunawa ng mga mag-aaral sa mga nakaraang aralin. Ang gawain na ito ay may kinalaman sa mga tungkulin ng bawat kasapi ng pamilya. Maaaring dagdagan ang mga aytem sa bawat gawain.

Susi ng pagwawasto:

Gawain A

1. ATE

2. KUYA

	(T A A T Y) _____ 4. Siya ang itinuturing na haligi ng tahanan. (N S O U B) _____ 5. Siya ang pinakanakakabata mong kapatid. B. Panuto: Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Iguhit ang TSEK (✓) kung ito ay nagsasaad ng kawastuhan at EKIS (✕) naman kung hindi. _____ 1. Ang pangunahing tungkulin ng magulang sa pamilya ay magbigay ng pagmamahal at proteksyon. _____ 2. Ang karaniwang tungkulin ng ina sa pamilya ay mag-aral ng mabuti sa eskwela. _____ 3. Dapat maging pasaway ang kapatid upang maging mabuting kasapi ng pamilya. _____ 4. Ang mga lolo at lola ay maaaring magbigay ng payo at gabay sa mga magulang at apo. _____ 5. Ang tungkulin ng mga anak sa pamilya ay sumunod sa mga utos ng mga magulang at igalang ang bawat kasapi nito.	3. NANAY 4. TATAY 5. BUNSO <i>Gawain B</i> 1. ✓ 2. ✕ 3. ✕ 4. ✓ 5. ✓
B. Paglalahad ng Layunin	1. Panghihikayat na Gawain Gabayan ang mga mag-aaral habang ginagawa ang mga sumusunod na gawain. A. Panuto: Punan ang <i>acrostic</i> o <i>word puzzle</i> sa ibaba. Isulat ang mga salita, parirala o pangungusap na iyong maiiuugnay sa salitang pamilya. P – _____ A – _____	Ang gawaing ito ay may malaking kontribusyon sa pagkuha ng pansin ng mga mag-aaral. Sundan ang modelo ng gawaing inihanda. Maaaring baguhin, palitan o dagdagan ang mga pamprosesong katanungan.

	M - _____ I - _____ L - _____ Y - _____ A - _____ Mga Katanungan: 1. Paano mo mailalarawan ang gawain? 2. Ano-ano ang iyong mga naging batayan sa pagbibigay ng mga salita o pariralang may kinalaman sa salitang pamilya? 3. Gamit ang mga salita, parirala, at pangungusap na iyong isinulat, anong isang kaisipan ang iyong natutunan tungkol sa pamilya? B. Panuto: Awitin at suriin ang kanta sa ibaba sa tono ng “Leron, Leron Sinta”. Ang Aming Pamilya <i>Tono: Leron Leron Sinta</i> Ang aming pamilya, tunay na masaya Mahal ko si Nanay, mahal ko si Tatay Kaming magkapatid, puno ng pag-ibig Sa Diyos nagmumula, pag-asa’t tiwala. Mga katanungan: 1. Tungkol saan ang awitin na ating kinanta? 2. Alin sa mga linya ng awitin ang nakakuha na iyong pansin? Bakit?	Sa bahaging ito ng leksyon, maaaring gumamit ng iba pang mga estratehiya upang ilahad ang paksa. Ang awiting ito ay isa lamang halimbawa. Maaari itong awitin ng paulit-ulit. Maaaring baguhin, palitan o dagdagan ang mga pamprosesong katanungan. Gamiting gabay ang nilalaman ng aralin na ito upang higit na
--	--	---

	3. Bakit napakahalaga ng ating pamilya sa paghubog ng ating pananampalataya? 2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin Ang pamilya ang pinakamahalagang bahagi ng lipunan. Ang mga kasapi ng pamilya ang mga unang nakakasalamuha at nakakaimpluwensya sa bawat tao. Sa pamilya unang natutunan ang bawat pagpapahalaga na isinasabuhay ng bawat indibidwal tulad ng pananampalataya. Malaki ang gampanin ng pamilya sa paghubog ng pananampalataya ng bawat miyembro nito. Sa pamamagitan ng pagiging halimbawa at pagbibigay ng gabay sa mga nakababatang miyembro, higit na napapalalim ang pananampalataya ng bawat isa. Ilan sa mga tungkulin na dapat isakatuparan upang mapaunlad ang pananampalataya ng mga kasapi ng pamilya: A. Pagsasagawa ng Panalangin: Ang pamilya ay maaaring magtakda ng mga panahon para sa panalangin sa bahay. Ito ay magbibigay-daan sa bawat miyembro ng pamilya na palakasin ang kanilang ugnayan sa Diyos. B. Pagtuturo ng mga Aral ng Pananampalataya: Ang mga magulang ay maaaring magbahagi ng kanilang kaalaman at pananampalataya sa kanilang mga anak sa pamamagitan ng pagturo ng mga banal na kasulatan, mga aral ng relihiyon, at mga pang-araw-araw na pag-aaral ng pananampalataya. C. Pakikilahok sa mga Panrelihiyong Gawain: Ang pamilya ay maaaring maging aktibo sa kanilang relihiyosong komunidad sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga serbisyo, pagtitipon, at iba pang gawaing panrelihiyon. Ito ay magbibigay-daan sa mga miyembro ng pamilya na makaranas ng mas malalim na ugnayan sa kanilang pananampalataya. D. Pagpapakita ng Pagmamahal at Pag-unawa: Sa pamamagitan ng pagpapakita ng pagmamahal at pag-unawa sa isa't isa, ang pamilya ay	maunawaan ng mga mag-aaral ang paksa. Maaaring gumamit ng integrasyon ng teknolohiya sa paglalahad ng gawain na ito.
--	---	--

nagbibigay ng isang mapagmahal at mapanagutang kapaligiran kung saan maaaring lumago at palakasin ang pananampalataya ng bawat isa.

Sa pamamagitan ng mga gawain at halimbawa ng pamilya, ang mga miyembro nito ay maaaring magkaroon ng mas mataas na antas ng pagpapahalaga sa kanilang pananampalataya at mas malalim na ugnayan sa Diyos.

3. Paghawan ng Bokabularyo sa Nilalaman ng Aralin

Panuto: Hanapin ang mga sumusunod na salita sa talahanayan. Pagkatapos, alamin ang mga kahulugan ng mga ito.

P	P	L	Q	W	E	R	T	N	P
Y	A	U	L	B	N	M	K	O	A
U	N	M	K	V	H	L	J	Y	G
I	A	I	I	C	G	F	S	I	D
O	L	K	J	L	W	Q	A	H	A
C	A	H	H	X	Y	E	R	I	R
X	N	A	M	K	Y	A	T	L	A
G	G	A	S	D	U	V	C	E	S
P	I	F	G	Z	I	O	P	R	A
D	N	A	Y	A	N	G	U	M	L

PAMILYA

LUMIKHA

RELIHIYON

PANALANGIN

UGNAYAN

Susi ng Pagwawasto:

1. PANALANGIN

2. PAMILYA

3. LUMIKHA

4. UGNAYAN

5. RELIHIYON

P	P	L	Q	W	E	R	T	N	P
Y	A	U	L	B	N	M	K	O	A
U	N	M	K	V	H	L	J	Y	G
I	A	I	I	C	G	F	S	I	D
O	L	K	J	L	W	Q	A	H	A
C	A	H	H	X	Y	E	R	I	R
X	N	A	M	K	Y	A	T	L	A
G	G	A	S	D	U	V	C	E	S
P	I	F	G	Z	I	O	P	R	A
D	N	A	Y	A	N	G	U	M	L

	Mga Kahulugan: _____1. Ito ay ang gawain ng pagkakaroon ng malalim na pakikipag-usap at pakikipag- ugnayan sa kinikilalang lumikha. _____2. Ito ay ang pangunahing yunit ng lipunan kung saan ang mga kasapi ay nagbibigay ng suporta, pagmamahal, at proteksyon sa isa't isa. _____3. Siya ang kinikilalang gumawa sa daigdig at sa lahat ng may Buhay na namumuhay dito. _____4. Ito ay tumutukoy sa koneksyon, relasyon, o kaugnayan sa pagitan ng dalawang bagay, entiydad, o indibidwal. _____5. Ito ay sistema ng mga paniniwala, ritwal, at mga gawaing panrelihiyon na nakatuon sa isang espirituwal na konsepto, Diyos, o mga banal na bagay.																													
C. Paglinang at Pagpapalalim	Ikalawang Araw Kaugnay na Paksa 1: Ang kahalagahan ng pamilya sa paghubog ng sariling pananampalataya. Gabayan ang mga mag-aaral habang ginagawa ang mga sumusunod na gawain. 1. Pagproseso ng Pag-unawa Panuto: I-<i>decode</i> ang sumusunod na mga salita upang mabuo ang isang kasabihan. Gamiting gabay ang katumbas na bilang ng bawat letra. <table><tr><td>A</td><td>B</td><td>C</td><td>D</td><td>E</td><td>F</td><td>G</td><td>H</td><td>I</td><td>J</td><td>K</td><td>L</td><td>M</td><td>N</td></tr><tr><td>1</td><td>2</td><td>3</td><td>4</td><td>5</td><td>6</td><td>7</td><td>8</td><td>9</td><td>10</td><td>11</td><td>12</td><td>13</td><td>14</td></tr></table>	A	B	C	D	E	F	G	H	I	J	K	L	M	N	1	2	3	4	5	6	7	8	9	10	11	12	13	14	Gamiting gabay ang mga gawain upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang paksa. Muling gamitin ang mga salita sa paghawan ng bokabularyo upang higit na matandaan ang mga kahulugan nito. Ang mga gawain ay bukas upang baguhin, dagdagan, o palitan ayon sa pangangailangan o ikakabuti ng mga mag-aaral. <i>Susi ng Pagwawasto:</i>
A	B	C	D	E	F	G	H	I	J	K	L	M	N																	
1	2	3	4	5	6	7	8	9	10	11	12	13	14																	

O	P	Q	R	S	T	U	V	W	X	Y	Z
15	16	17	18	19	20	21	22	23	24	25	26

20 8 5 6 1 13 9 12 25 20 8 1 20 16 18 1 25 19
 — — — — — — — — — — — — — — —

20 15 7 5 20 8 5 18,
 — — — — — — — —,

19 20 1 24 19 20 15 7 5 20 8 5 18.
 — — — — — — — — — — — — — —.

Mga Katanungan:

1. Paano mo mailalarawan ang gawain?
2. Ano ang nais iparating ng kasabihan?

2. Pinatnubayang Pagsasanay

Panuto: Mula sa kasabihan sa itaas, gumawa ng isang poster na magpapakita ng mga kahalagahan ng pamilya sa paghubog ng mananampalataya.

Rubriks:

Puntos	Paksa/Tema	Pagkamalikhain	Kulay	Paglalatag ng Impormasyon
5	Malinaw at tuwiran ang mensahe na ipinapakita ng poster ukol sa mga gabay sa paghubog ng sariling pananampalataya.	Mayroong mahusay na disenyo at naipapakita ang pagiging malikhain.	Ang kulay at mga iba pang elemento ng sinig ay nagbibigay ng lakas sa mensahe at nagpapalakas sa kabuuan ng poster.	Ang mga impormasyon ay nailahad ng maayos at madaling maintindihan.
4	Ang mensahe ay halos malinaw,	Ang mga disenyo ay maayos na	Ang kulay at iba pang elemento ng	Ang pagkakasunud-sun

1. *The Family that prays together, stays together.*

Salin: Ang pamilyang nagdarasal ng sama-sama ay namumuhay ng payapa at masaya.

	ngunit maaaring may ilang aspeto na nakakalito.	nagamit, ngunit maaaring kulang sa tingkad ng mensahe.	sining ay ginamit nang maayos, ngunit maaaring magdagdag pa ng ilang detalye.	od ng impormasyon ay maayos, ngunit maaaring may ilang bahagi na nakakalito.
2-3	Ang mensahe ay hindi gaanong malinaw, may mga bahagi na hindi maintindihan.	Mayroong ilang bahagi ng disenyo na hindi gaanong nakakapukaw ng pansin.	Mayroong ilang bahagi ng poster na kailangan pa ng dagdag na kulay at iba pang element ng sining.	Ang ilang impormasyon ay hindi gaanong maayos at walang kinalaman sa tema
0-1	Ang poster ay hindi nagbibigay ng malinaw na mensahe.	Ang disenyo ay hindi gaanong nakakatawag-pansin at hindi kakaiba.	Ang paggamit ng kulay at visual elements ay hindi gaanong epektibo o hindi naayon sa tema.	Ang pagkakasunud-sunod ng impormasyon ay hindi maayos at mahirap unawain.

3. Paglalapat at Pag-uugnay

Panuto: Punan ang organizer sa ibaba upang mabuo ang kaisipan tungkol sa mga tungkulin ng bawat kasapi ng pamilya sa pananampalataya.



Mga tungkulin ng magulang o tagapangalaga sa paghubog ng pananamalataya:

Inaasahang maipapaliwanag nang maayos ng guro sa mga ma-aaral ang gawain, kung saan higit na maintindihan ang pinagkaiba ng tungkulin ng bawat miyembro ng pamilya sa paghubog ng pananampalataya.



Mga tungkulin ng mga anak sa pananamalatayang itinuro sa kanila:

Tandaan:

Ang pamilyang nagdarasal ng sama-sama ay namumuhay ng payapa at masaya.

Kaugnay na Paksa 2: Mga Epekto ng panalangin at pagsamba sa ugnayan ng pamilya.

Gabayan ang mga mag-aaral habang ginagawa ang mga sumusunod na gawain

1. Pagproseso ng Pag-unawa

Panuto: Punan ang talahanayan sa ibaba tungkol sa mga gawain sa pananampalataya at kung ito ay iyong naisasagawa. Maging matapat sa pagsagot nito.

Relihiyon:		
Mga gabay na katanungan	Opo/ Hindi po	
Nagdarasal ako kasama ang aking pamilya		Araw: Oras:
Nagsisimba/Sumasamba ako kasama ang aking pamilya.		Araw: Oras:


	<table border="1"> <tr> <td data-bbox="441 135 902 453"> Isinasabuhay ko ang mga aral na natutunan ko sa aming relihiyon. </td><td data-bbox="902 135 1243 453"></td><td data-bbox="1243 135 1637 453"> Mga halimbawang gawain: </td></tr> </table>	Isinasabuhay ko ang mga aral na natutunan ko sa aming relihiyon.		Mga halimbawang gawain:	
Isinasabuhay ko ang mga aral na natutunan ko sa aming relihiyon.		Mga halimbawang gawain:			
	Ang panalangin o pagdarasal ang isa sa mga pangunahing gawaing panrelihiyon na itinuturo ng mga magulang sa kanilang mga anak. Ang panalangin ay itinuturing na pinakamabisang paraan ng pakikipag-ugnayan sa Diyos. Ang panalangin ay may mga positibong epekto sa ugnayan ng pamilya, narito ang ilang mga epekto nito: A. Magkasama-sama ang bawat asapi ng pamilya - Ang pagdarasal bilang isang pamilya ay maaaring maging pagkakataon para sa mga miyembro ng pamilya na magkasama-sama at magkaroon ng panahon ng pag-uusap at pagtutulungan. Ito ay maaaring magpalakas ng samahan at pagkakaisa sa pamilya. B. Magkaroon ng tiwala sa isa't isa - Ang panalangin ay maaaring magdulot ng pagtitiwala sa isa't isa. Sa pagdadasal bilang isang pamilya, maaaring lumakas ang tiwala ng bawat isa sa kanilang kakayahan na malampasan ang mga hamon at mga pagsubok sa buhay. C. Pagkakaroon ng pagkakaisa - Ang panalangin ay maaaring magdulot ng pagkakaisa sa mga miyembro ng pamilya sa pamamagitan ng pagtutulungan at pagbibigay ng suporta sa bawat isa sap ag-abot ng mga pangarap at ambisyon. D. Magkaroon ng gabay sa pang-araw-araw na gawain - Ang panalangin ay maaaring magdulot ng pagkakaroon ng patnubay mula sa isang mas mataas				

na kapangyarihan, na maaaring maging gabay sa mga miyembro ng pamilya sa kanilang mga desisyon at hakbang sa buhay.

Samakatuwid, ang panalangin ay maaaring magdulot ng maraming positibong epekto sa ugnayan ng pamilya, mula sa pagpapalakas ng samahan hanggang sa pagbibigay ng lakas at pag-asa sa bawat isa sa mga panahon ng pagsubok.

2. Pinatnubayang Pagsasanay

Panuto: Matapos malaman ang mga epekto ng panalangin at pagdarasal sa ugnayan ng pamilya. Magbigay ng tig-isang tiyak na gawain sa loob ng iyong pamilya na magpapakita ng mga ito. Gamiting gabay ang *graphic organizer* sa ibaba. Maaring hingin ang tulong ng mga kasapi ng iyong pamilya sa pagsagot sa gawain.



Ihanda ng guro ang media kung saan maaaring ipasa ng mga bata ang kanilang maikling bidyu. Inaasahan din

Panuto: Gumawa ng isang panalangin o dasal para sa iyong pamilya. Maaari itong sarili mong gawa o panalangin na itinuturo sa iyong pamilya. Kuhanan ng bidyu ang sarili habang binabasa ang nagawang panalangin sa harap ng inyong pamilya. Maghanda sa pagbabahagi nito sa klase.

This image shows a single sheet of white paper with horizontal blue or grey ruling lines. The paper has a slightly irregular top edge on the right side, suggesting it might be from a notebook or a piece of stationery. There are no markings, text, or drawings on the page.

Kaugnay na Paksa 3: Mga tradisyon ng pamilya na may kaugnayan sa pananampalataya


1. Pagproseso ng Pag-unawa

makakapagbigay ang guro ng kasulatan o conset form kung saan pinapayagan ng magulang o tagapangalaga ang mga bata na ibahagi ang kanilang bidyu sa klase.

Ipaliwanag nang maayos sa mga bata ang gawain. Inaasahan na makakapili at maiguguhit ng mga bata ang simbolong maiuugnay nila sa kanilang kinabibilangang relihiyon. Atasan naman silang isulat sa mga nakapaligid na kahon ang mga tradisyon na

Panuto: Iguhit sa loob ng bilog ang bagay o anoman na maaaring maging simbolo ng kinabibilangang relihiyon. Isulat naman sa mga kahon ang mga tradisyon sa inyong pamilya na a kaugnayan sa pananampalataya.

Halimbawa: Kristiyanismo (Katoliko Romano - ) : Paghahanda kung may kapistahan



Ang bawat relihiyon ay may mga sariling tradisyon at mga paniniwala. Ang mga tradisyon at paniniwala ay may mahalagang papel sa paghubog ng pananampalataya ng bawat isa. Narito ang ilang mga kahalagahan kung bakit nararapat ituro ng mga magulang o tagapangalaga sa mga nakakabatang miyembro ng pamilya ang mga paniniwala at tradisyon na may kinalaman sa kanilang pananampalataya:

may kinalaman sa kanilang pananampalataya. Maaaring magdagdag ng kahon ang mga bata kung higit sa tatlo ang nais nilang ibahaging tradisyon. Maaaring tingnan ang halimbawang ibinigay.

	1. Bilang mapagkakakilanlan - mga tradisyon at paniniwala ay nagbibigay ng pagkakakilanlan at kaugnayan sa isang pangkat ng mga tao. Ito ang naglalayong magbigay ng kahulugan sa kanilang pagiging bahagi ng isang kultura o relihiyon. 2. Maipasa sa susunod na henerasyon - Ang mga tradisyon ay naglalaman ng mga kaalaman at aral na naipasa mula sa henerasyon hanggang henerasyon. Ito ay nagpapalakas sa mga pagpapahalaga at prinsipyo na nagpapatibay sa samahan sa pamiya at komunidad. 3. Pagpapanatili ng Kapanatagan - Ang pakiramdam ng pagkakaugnay sa nakaraan at ang pag-asang mayroong susunod pang henerasyon na magpapatuloy sa mga tradisyon ay nagbibigay ng kagalakan at pag-asa. 4. Pagpapalakas ng mga Ugnayan sa Pamilya at Komunidad - Ang pagpapatupad ng mga tradisyon at ritwal ay nagbibigay ng pagkakataon para sa pamilya at komunidad na magkasama-sama at magkakaisa. Ito ay nagpapalakas ng mga ugnayan sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya at nagpapalakas ng kanilang pagmamahalan at respeto sa isa't isa. 5. Pagpapalakas ng Pananampalataya - Ang mga tradisyon at paniniwala ay nagpapatibay sa pananampalataya ng isang tao. Ito ay nagsisilbing gabay sa pagsasagawa ng mga ritwal na nagtuturo sa isang indibidwal kung paano siya dapat maging tapat at magkaroon ng matibay na ugnayan sa Diyos. Sa kabuuan, mahalaga ang mga tradisyon at paniniwala sa paghubog ng pananampalataya dahil ito ay naglalaannagsisilbing pundasyon, kahulugan, at ugnayan ng tao sa kaniyang sariling kultura, relihiyon, at kapwa tao. 2. Pinatnubayang Pagsasanay Panuto: Sagutin ang katanungan sa ibaba tungkol sa kahalagahan ng pagtuturo ng mga tradisyon sa kinabibilangang relihiyon sa mga nakakabatang miyembro ng pamilya. Gumamit ng 8 hanggang 10 pangungusap lamang sa iyong kasagutan.	
--	--	--

Tanong: Bakit mahalagang maituro sa mga anak ang mga tradisyon ng pamilya na may kaugnayan sa pananampalataya?

Pamantayan		Puntos	Nakuhang Puntos
Nilalaman	Nasasagot nang tuwiran at maliwanang ang katanungan.	10	
Organisasyon at Bararila	Naipapakita nang maayos ang ugnayan ng bawat pangungusap. Nakakagamit din ng wastong mga bantas at wastong pagkakagamit ng malaki at maliit a letra.	5	
Orihinalidad	Sariling ideya ang ginamit. Walang pagkakatulad sa ibang mga sulatin.	5	
Kabuuan		20	

3. Paglalapat at Pag-uugnay

Panuto: Pumili ng isang tradisyon ng pamilya na may kinalaman sa pananampalataya. Gumawa ng isang comic strip na magpapakita nito. Humanda sa pagbabahagi nito sa klase.

Rubriks sa pagmamarka:

- A. Pagkakaguhit (5 puntos) -Nilalarawan ba ng comic strip ang paksang sa pamamagitan ng mga element na ginamit? Mayroon bang malinaw na pagpapakita ng detalye at pananaw?

Inaasahang maipapaliwanang ng guro sa mga mag-aaral ang paggawa ng comic strip sa tulong ng pamantayan sa pagmamarka. Maaaring magpakita ng mga halimbawa ng comic strip upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang gawain.

	B. Kasanayan sa Pagsasalaysay (5 puntos) – Nakapagbibigay ba ng maayos na pagkakasunod-sunod ng pangyayari ang comic strip? Malinaw ba ang pagsasalaysay ng kwento at ang kaugnayan ng bawat panel sa isa’t isa? C. Teknikal na Aspeto (5 puntos) – Malinis at maayos ba ang pagkakaguhit ng mga karakter, background, at iba pang elemento? Maayos ba ang pagkakalagay at pagkakaayos ng mga panel? D. Pakikipag-usap ng mga Karakter (5 puntos) – Mayroon bang malinaw at epektibong paggamit ng mga dialogo o pag-uusap ng mga karakter? Naipapakita ba ng mga dialogo ang kani-kanilang personalidad at damdamin? E. Nilalaman at bararila (5 puntos) – Tama ba ang paggamit ng grammar at spelling sa mga dialogo? Malinaw ba at maayos ang pagkakasulat ng mga teksto sa comic strip? F. Orihinal na Ideya (5 puntos) – Mayroon bang orihinal na ideya o konsepto ang comic strip? Kabuuan: 30 Puntos	
D. Paglalahat	Ikaapat na Araw 1. Pabaong Pagkatuto Sa kabuuan, ang pamilya ay naglalarawan ng isang napakahalagang bahagi sa paghubog ng pananampalataya ng isang indibidwal. Sa pamamagitan ng kanilang mga halimbawa, mga aral, at pagtutulong, ang pamilya ay nagbibigay ng malalim na pundasyon at suporta para sa pagtuklas at paglago ng bawat miyembro sa kanilang pananampalataya. Panuto: Matapos ang kabuuang aralin, sa iyong kwaderno, magsulat ng limang mga bagay o aral na iyong natutunan. Pagkatapos ay ibahagi ito sa iyong katabi. Palagdaan din ito sa kanya bilang tanda na naibahagi mo ito sa kanya.	Gamiting gabay ang paglalahat ng aralin na ito upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang paksa. Maaaring magdagdag ng mga nilalaman o gumamit ng organizer sa paglalahad nito sa klase.

	2. Pagninilay sa Pagkatuto Panuto: Kumpletuhin ang pangungusap upang masukat ang pagkakaunawa mo sa paksa Ang pamilyang nanalangin at sumasampalataya ng sama-sama ay	
--	--	--

IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY		MGA TALA SA GURO
A. Pagtataya	1. Pagsusulit A. Panuto: Basahin at suriin ang bawat pahayag. Isulat ang T sa patlang bago ang bawat bilang kung wasto ang isinasaad nito at M naman kung mali. _____1. Ang pamilya ay nagbibigay ng halimbawa sa pamamagitan ng kanilang sariling pananampalataya.	Ang bahagi ng leksyon na ito ang susukat sa pagkakaunawa ng mga mag-aaral sa paksa. <i>Susi ng Pagwawasto:</i>



KUWENTO NG PANANAMPALATAYA | Tagalog Motivational Story | Gintong Aral | @dailybreadstories

<https://www.youtube.com/watch?v=45veW4Mnqhg>

Aral:

B. Pagbuo ng Anotasyon	Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.	Epektibong Pamamaraan	Problemang Naranasan at Iba pang Usapin	Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo. Bilang
	<i>Estratehiya</i>			
	<i>Kagamitan</i>			

	<i>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</i>			karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ring maging isa sa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.
	<i>At iba pa</i>			
C. Pagninilay	<i>Gabay sa Pagninilay:</i> ▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u> <i>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?</i> <i>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?</i> ▪ <u>Mag-aaral</u> <i>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?</i> <i>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?</i> ▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u> <i>Ano ang aking nagawang kakaiba?</i> <i>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</i>			Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.

<i>Inihanda ni:</i> Ace Adaya Sarmiento	<i>Sinuri ni:</i> Elanor O. Bayten
<i>Institusyon:</i> Manuel L. Quezon Elementary School	<i>Institusyon:</i> Pamantasang Normal ng Pilipinas